



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-23 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 09 HULYO 2012, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Mae Arlene M. Talens	- Acting Municipal Vice Mayor/ Tagapangulo
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Arnel F. Fabon	
Konsehal Cesar T. Batidos	
Konsehal Lee M. Baculinao	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Camilo G. Ferreira	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jennie Leigh Q. Sarmiento	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Elsie F. Galaran	- OB, Makati City
---------------------------	-------------------

KAPASYAHAN BILANG 38
Taong 2012

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA NAULILA AT
NAIWANG PAMILYA NG NAMAYAPANG FEDERICO S.
NAZARENO,

SAPAGKAT, si G. Federico S. Nazareno ay isang dating lingkod bayan, nagsilbing Punong Barangay sa Barangay Cantil;

SAPAGKAT, ang isang ama ng tahanan na nagsikap upang maitaguyod ang kapakanan ng kanyang asawa at mga anak ay isang malaking kawalan at nagdulot ng kalungkutan sa kanyang minamahal na pamilya;

SAPAGKAT, sa paglisan ng itinuturing na kaibigan, kapatid at lider sa Barangay Cantil ay ipinagdadalamhati ng lahat na sa kanya ay nagmamahal;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas kasama ang mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Lokal ay nagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at

M. Talens

J. Bacay

M. Soriano

pakikidalamhati sa naulila at naiwang pamilya ng namayapang Federico S. Nazareno.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat-

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging Punong Barangay sa Barangay Cantil ng bayang ito, G. Federico S. Nazareno ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga anak at kamag-anak ng namayapang G. Federico S. Nazareno lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 09 Hulyo 2012


PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


MAE ARLENE M. TALENS
Acting Municipal Vice Mayor/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


VIOLETA V. DIMAPILIS
Acting Municipal Mayor